# PEN NAME: KASAL SA PAPEL

Arnold Tristan L. Buenaflor

"Partner niya ho ako. Live-in po kami."

Walang katapusang paliwanag ko sa aming kapitbahay na hinaharang ako papasok ng sarili kong tahanan. Malapit na akong sumabog sa galit, isang-isa pa at baka ano magawa ko sa kapitbahay na 'to. Ang bilis ko namalengke dahil may magandang paksa akong naisip na gusto ko agad isulat bago ko ito makalimutan.

"Patingin nga I.D mo. Javier din ba apelyido mo?" Nakataas na kilay ng matandang babaeng nakaharang sa aming pinto. Kalilipat pa lamang namin ni Leonard sa Sto Tomas, Batangas. Wala pang isang linggo kami rito ngunit may mga namumuo ng barikada laban sa amin at aming mga pangalan. Nang dumating ang pandemya dalawang taon na ang nakalilipas, unti-unti kaming naghanda ni Leo na tumira sa iisang bahay. Isang taon na rin naman kaming magkasintahan. Tinanggap namin bilang hudyat ang pandemya na pwede na kaming bumukod sa aming mga pamilya at magsimula ng sarili namin; isulat ang aming mga sariling tadhana't pangalan.

"Ano ba pangalan mo?" Makulit na pilit sa akin ng matanda.

Pangalan ko? Kaya niya kayang bigkasin ang mga pangalan ko? Isa ba siyang pantas na tao para banggitin ng kaniyang mortal na labi ang aking sagradong mga pangalan? Akala niya ba na hahayaan kong dumapo ang tunog ng aking ngalan sa kaniyang pinaglumaang tenga?

Naniniwala ako na may kapangyarihan ang mga pangalan, lalo na ang mga pangalang tinatanggap natin para sa ating mga sarili.

Ang hilig ng mga taong pagbaybayin ang mga pangalan. Nakita ko kung paano namunga ng anim pang pangalan ang Tristan ko. Nandiyan ang pag-alis sa -tan para kay Tris, ang pagbura sa Tris para maiwan si Tan, may kakaibang pagbaybay din na naganap para mabuhay si Stan, at nandiyan din ang pinaulit-ulit na si Tan-Tan. Simula high school, hanggang kolehiyo, isa sa mga iyan lamang o ang kumpletong Tristan ang pinapayagan kong tawag sa akin. Banggit ko lagi sa mga pagpapakilala sa klase, "Tawagin niyo ako ng kahit anong baybay ng Tristan, basta 'wag lang Arnold."

Arnold ang una kong pangalan. Hindi ko ito gusto at wala akong pinapayagan na kaluluwang sumambit nito. Nang maging dalagang ina, pinag-isipan mabuti ng aking nanay kung anong pattern sa pangalan ang ibibigay niya sa mga magiging anak. Napagdesisyunan niyang magsisimula sa letrang "A" ang unang pangalan ng kaniyang mga anak. Kalaunan, kwinento niya sa akin na namili siya sa pagitan ng Arthur o Aaron para sa aking unang pangalan. Ako ang panganay, dapat daw lubusan ang ganda, dapat lubusang pinag-isipan. Dapat din daw, bagay ang tunog nito kapag tinabi sa kaniyang dalagang pangalan na Maria Lunzaga. Pero nang imungkahi ng aking ama na gusto niya ng isang Jr., mabilis na pumayag si mama at humantong ako sa Arnold.

Ang pangit. Para sa konteksto, ang unang pangalan ng aking mga kapatid ay Andy, Alizabeth, at Adam. Napakaswabeng pakinggan, ang ganda ng talinghaga sa pagbigkas, tapos, biglang may Arnold. Hindi rin nakatulong na inaasar akong Arnold Clavio at Arnold Schwarzenegger noong elementarya. Ginawang pang-asar sa akin ang Schwarzenegger dahil malamya akong kumilos at mahinhin magsalita. Malayong-malayo sa macho-gwapitong imahe ng aktor. Sana si Arthur na lang ang pinili ng aking ina.

Ngunit hindi rin naman ako lubusang nagtampo sa kaniya dahil sa mababaw na rason na ito lalo na't matapos niyang ipinaliwanag saan nakuha ang aking pangalawang pangalan na Tristan.

"Sa Legends of the Fall. Paborito kong pelikula na si Brad Pitt ang bida."

Nako po, isa na namang macho-gwapitong aktor. Hinahayaan ko lang lagi siya magpaliwanag tuwing mapupunta sa usapang ito. Isa kasi sa paborito kong alala noong kabataan ay ang kaniyang pagsaksak ng VHS nito para panoorin naming dalawa. Kahit na wala akong maintindihan sa kwento, masaya akong pinapanood lang ngumiti si nanay. Dagdag pa, binigyan niya ako ng espesyal na palayaw na tanging pamilya ko lang ang tumatawag sa akin: Arvee.

Hindi R.V, kung 'di Arvee. Si nanay, mga kapatid, lola, at tita ko lang ang tumatawag sa akin nito. Hanggang ngayon. Sa loob ng aming tahanan, ako lang si Arvee. Si Arvee na mahilig magdilig, si Arvee na nagkukulong sa kwarto para magsulat pagkatapos kumain ng hapunan, at si Arvee na laging nakakasunog ng sinaing.

Tulad ng relasyon ng aking ina at ama, hindi rin naman nagtagal bago mawala sa isipan ng mga tao ang Arnold. Sinigurado ko na wala nang tatawag sa akin nito nang makatungtong sa Las Piñas Science High School.

Noong kolehiyo naman, tatlo kaming Tristan sa paaralan. Maliit lamang na lugar ang UP Baguio, mas marami pa nga ang populasyon ng mga pusa kumpara sa estudyante, kaya, minabuti kong ihiwalay ang aking sarili sa dalawa kong kapangalan. Para gawin ito, tinanggal ko ang letrang ‘a’ sa aking pangalan at pinalitan ng kudlit upang maging Trist’n. May glottal stop ang pagbigkas nito.

Pero hindi sa mga ngalan kong ito ako nakilala ni Leo. Hindi rin sa ibabaw ng mundo ang aming unang pagkikita. Nabawtismuhan ako sa pakikibaka taong 2020 sa ilalim ng mga taas kamao at panata na paglingkuran ang aking bansa. Sa aking pagkabuhay muli, nabigyan ako ng isang bagong pangalan. Isang sikretong pangalan. Ang aking pulang ngalan na hindi pwedeng malaman ng kahit sino. Sa ganitong uri ng pangalan kami nagkatagpo ni Leo. Sa pangalang ito kami dumaan sa bandilang pula at naprogramahan. Saksi ang sikretong pangalang ito sa aming mga batayang pagmamahalan, sa aming sumpaan, at sa aming buhay tago sa mapa ng marami.

“‘L-e-n-a-r-d” hindi L-i-y-o-n-a-r-d’” Natatandaan ko’ng banggit sa akin ni Leo sa aming pinakaunang pag-uusap sa telepono. Masaya ako na mabilis akong itinama ni Leo sa pagbigkas ng kaniyang ngalan dahil alam kong magkasundo kami sa pagiging assertive pagdating sa pagpapahalaga sa mga tamang bigkas ng pangalan.

Kung ang pattern sa ngalan sa aming pamilya ay ang unang letra na “A”, ang pattern naman sa pangalan sa pamilya nila Leo ay sa mga lalaking miyembro matatagpuan. Sampu silang magkakapatid, pangwalo si Leo. Limang lalaki at limang babae; lahat ng pangalan ng mga lalaki sa kanila ay mga cognate ng “Leo”. Ang tatay nila ay Leovino, may mga kapatid siya na Leonardo at Leopold. Pero nang magkolehiyo, ang tanging tawag sa kaniya ng pamilya ay “Dok”.

Ang pangarap pala, pag naging pangalan mo, nakakatuyo ng pagkatao. Natututunan ko ito sa buhay ng aking kasintahan. Pinapakilala siya na “anak kong doktor,” “kapatid kong doktor,” o minsan, “doktor namin.” Dok, dok, dok…

Hindi rin naman lahat ng bersyon ng ‘dok’ ay nakakamatay. Halimbawa, mahal na mahal ni Leo ang “Tito dok” na tawag ng kaniyang

chikiting na mga pamangkin. Siya ang tumulong matuto magbasa at magsulat ang mga ito. Kung papapiliin, ayaw niya sanang tawagin siyang 'dok' ng pamilya, lalo na kung nasa loob lamang ng tahanan. Sa paulit-ulit na tawag at pakilala sa kaniya gamit ang ngalan na ito, matutuklasan niya na ang akala niyang sariling pangarap ay mas pangarap pala ng mga tao sa kaniyang paligid. Hindi niya rin naman masisisi at wala rin dapat sumisi sa mga magulang na nagnanais ng isang doktor na anak. Intindi natin ang pyudal na siklo ng buhay sa isang bansang baon lagi sa krisis. Inilalagay ng mga magulang sa pangalan ng kanilang anak ang pag-asang umahon sa bigat ng mundo.

Matapang na binanggit ni Leo ang aking pangalan sa kaniyang pamilya. Sa wika ng mga kabataan ngayon, 'legal' kami. Sa parehong pamilya namin. Wala namang problema sa nanay ko at mga kapatid, alam ko namang progresibo mag-isip ang aming bahay (lagi kong iniisip na ito ay dahil sa U.P nag-aral si mommy at isang dalagang ina, maaga siya namulat sa mga pwedeng iunlad pa na pag-uugali sa lipunan). Pero pansin na pansin ko ang malakas na katahimikan sa nanay ni Leo. Natatakot ba siya sa pangalan ko? Nahihiya? Hindi sigurado?

"Uy," siguro ang pinakamasakit na pangalan na naitawag na sa akin. Nang maisip naming dalawa na maglive-in, plinano namin na maksimahin ang panahon sa mga sariling tahanan at pamilya. Bumibisita ako kada buwan sa bahay ng kaniyang mga magulang sa Calamba para makilala pa nang lubusan ang kanilang mga pangalan. Marami naman akong nakilala pero isa sana sa gusto kong kilalanin pa ay si nanay. Siya ang nanay ni Leo, gusto ko sanang ipaalam sa kaniya na ligtas sa akin ang ngalang binigay niya sa kaniyang anak. Sa malungkot na realidad, hindi kami nagtatagpo ni nanay. Isang beses, habang isinugod ang ate ni Leo sa hospital dahil manganganak na, naiwan kaming dalawa ni nanay sa van ng kanilang pamilya. Inaasahan ko sana na pagkakataon na iyon para makapagkwentuhan at sabihin sa kaniya ang aking pangalan, pero ang lumabas lang sa eksenang iyon ay "Uy, makikisuyo naman. Pakibilhan naman ng tinapay at tubig ate mo."

"Uy."

Umaasa akong dadating ang araw na mauulit muli ang pagkakataon na kaming dalawa lang ni nanay sa paligid. Umaasa ako na, sa puntong iyon, masasabi ko na sa kaniya ang aking pangalan at malalaman ko ang sa kaniya.

Nakakapagod ding hindi kilalanin sa mga pangalang ipinanday at pinili namin ni Leo. Hindi lamang sa hindi tanggap ng nanay ni Leo ang aming pulang pangalan, hindi rin niya siguro tatanggapin ang mismong tinatahak na

buhay namin ng kaniyang anak. Sino ba naman ang magulang matutuwa na ang "Dok" ay ipagpapalit sa isang underground na pangalan?

Naalala ko ang kataga noon ng mga progresibong kabataan noong huling mga taon ng Dekada '90: "Ang iyong anak ay hindi niyo talaga mga anak. Sila'y mga butihing anak ng bayan."

Katunog nito ang bersikulo sa Marcos 3-33-35: *"Sino ang aking ina at mga kapatid?" tanong naman ni Jesus. Tumingin siya sa mga nakaupo sa palibot at sinabi, "Ito ang aking ina at mga kapatid! Sapagkat ang mga sumusunod sa kalooban ng Diyos ang aking mga kapatid at aking ina."*

Naging mapanghati ang motherhood statement na iyon ng mga kabataang progresibo dahil isinakdal nito ang pyudal na pagmamahal ng magulang sa anak. Inaalala ko iyon at ang nakasulat sa Marcos dahil iniisip ko ang ginhawa, ang pakiramdam ng pagiging payapa, kung kasama lang namin ni Leo sa mundo ng pakikibaka ang mga hindi tanggap ang aming pangalan.

Dahil sa ngayon, sa mga lugar lamang kung saang mapagpasya ang uring pinagsisilbihan, at hindi ang pangalan--sa ngayon-- doon kami nakakahimbing. Sana makasama rin namin dito ang nanay ni Leo. Makikita niya panigurado na ligtas at ipinagdiriwang ang aming mga pangalan sa mga lugar na lihim sa estado.

Ito ba ang mga pangalang sasabihin ko sa kapitbahay naming wala namang alam sa aming mga pakikibaka?

Pwersahan ko siyang itinulak sa gilid, labas sa aming teritoryo at pumasok sa aming maliit na tahanan. Kahit nasa loob na ng aming bahay, hindi makapal ang sementadong pader upang harangin ang mga pambabastos na sigaw ng nagwawalang kapitbahay.

Mas lumakas pakinggan ang mga pakutsada't asar ng mga tao nang magsara ang mundo. Kahit may social-distancing, ang bilis tumama ng mga bato na bunga ng makitid na pag-iisip. Tiningnan na namin ni Leo ang opsyong legal na co-ownership ngunit hindi pa sapat ang aming pera para sa abugadong aasikaso nito. Hindi rin kami makahanap ng oras para ilakad ang mga papeles. Bilang doktor, kinukuha ng hospital ang panahon ni Leo at bilang guro, malaking panahon ang ginagastos ko para sa mga minamahal na estudyante. Kapag nagkita, tuwing gabi, doon lamang kami nakapagpapahinga.

Simula nang dumating ang pandemya, magkasama kami ni Leo na nilakbay ang mga sikretong mapa upang dalhan ng mga ayuda ang mga taong napabayaan na ng mga oportunistikong buwaya. Magkasama kaming dalawa nang masaksihan ang brutal na pangyayari ng Bloody Sunday Massacre noong Marso 7, 2021 sa Dasma. Agad kaming pumunta sa sityo kung saan pinaslang ang aming mga kasama, siya bilang representante ng sektor ng pangkalusugan at ako, bilang representante ng sektor ng mga kabataang Kristiyano. Ang mga pagkakataong ito ang nagkumbinsi sa amin na huwag sambitin ang aming mga sikretong pangalan sa mundong mortal. At ang pinakamahalaga, na ang tagumpay ay hindi hinihintay, ito ay isinusulat at pinapanday.

Kahit malapit sa dalampasigan, madalas kaming tumatakbo palayo sa apoy ni Leo. Sa panahong inaasahan na manatili sa mga bahay ang mga tao, dito pa lumaganap ang hot-demolition. Kabisado na namin ang bilis ng pula at dilaw na apoy kapag nasimulan ito sa isang karitong komunidad.

Walang malayang espasyo ang naiwan. Lahat ng mga lugar ay minamarkahan ng pula. Kapag nalaman nila ang sikreto mong pangalan, kinikitil ang inyong buhay. Naaresto nga ang bente naming mga kaibigan sa araw mismo ng Bahaghari sa Mendiola.

Taksil din ang batas sa uri ng pangalan na pwede naming gamitin ni Leo. Ang mga espesyal na kasal na mayroon sa paligid ay hindi rin naman kinikilala ng kahit sino. Wala itong bisang proteksyon.

Sinarado ko ang pintuan at tumungo sa aking lamesa. Sumisigaw pa rin ang aming kapitbahay sa labas.

Buti nandiyan ang papel. May espasyo sa papel para sa aming dalawa ni Leo. Kaya nitong lawakan ang mga pwede naming puntahan habang sarado pa ang mundo. Pagiging manunulat ang aking natatanging pangarap. Ito ang gusto ko maging nang magkaroon ako ng unang libro, isang libro tungkol sa batang polar bear na ang pangalan ay Andy. Mahilig ako magsulat ng mga nobelang hindi natatapos at mga tulang walang nakakabasa, hindi naman ako makata pa. Paslit pa lamang ako pagdating sa paghawak ng panitikang pluma pero isa sa mga kinananabikan ko tungkol sa pagsusulat ng mga kwento ay ang kalayaan gumawa ng mga pangalan.

Tulad ng aking nanay, ninais ko na lagyan ng pattern ang pangalan ng lahat ng mga bida at paboritong karakter sa aking mga kwento. Ang napagdesisyunan ko ay impluwensiya ng aking Kristiyanong pananampalataya: ang paglagay ng Semetic "El" bilang panlapi sa ngalan ng

mga karakter. Lahat ng papandayin kong mga kwento ay may panlapi na ito na ang kahulugan ay “kasama ng Diyos/ ng Diyos”. Sana maging matagumpay ako na manunulat para may makapansin sa mga patterns na ito sa ngalan ng aking mga karakter.

Lahat ng nais maging manunulat sa bansang ito, maagang mamumulat na hindi pwedeng day job ang pagsusulat. Liban na lang kung ikaw si Ricky Lee o Bob Ong.

Kailangan mo pa rin ng isang pultaym na trabaho. Para sa akin, ito ay sa porma ng pagiging Instruktor sa UP Baguio. Noong una, natatakot ako na baka mawalan ako ng panahon magsulat pero payo nga ni Leo sa akin, magandang makinig ka rin sa mga pangalan ng kabundukan ng Kordilyera, kung saan ako nagtapos ng pag-aaral at namulat sa pakikibaka.

Sa Sagada Mt. Province, mayroong tinatawag na *gobbaw*, isang ritwal kung saan ang isang sanggol ay bibigyan ng kaniyang katutubong pangalan kasabay ng pagdiwang sa paghihiwalay ng umbilical cord ng anak at ina. Hindi pa ako nakakasaksi nito nang personal. Tulad ng lahat ng magagandang kaalaman, sa mga pahina ko lamang ito natuklasan.

Hindi rin mapanghusga ang papel, bukas ito sa paglawak ng mga pahina. Kaya ko’ng lumikha ng mga pagkakataong ikasasaya namin kahit pantasya lamang pansamantala. Pero higit sa lahat, tanggap ng papel ang aming pinag-isang dibdib na pangalan.

T.L Javier ang aking pen name.

Ito ang aking huling pangalan. Tinanggal ko ang ngalan ng tatay na hindi ko naman nakasama sa mga paglakbay at pinanatili ang bigay na ngalan sa akin ng aking nanay at ang kaniyang dalagang apelyido.

Nabanggit ko na ako ay isang Kristiyano. Sa awa ng Diyos, napagsasanib ko naman ang mga kontradiksyon ng pagiging isang Kristiyanong bakla. May mga cognitive dissonance, oo. Madalas pa nga eh, pero ito ay nakakalma ko naman na ngayon.

Kumukuha ako ng tiwala at pananampalataya sa sinabi ng Kasulatan na kilala Niya ang aking pangalan, mga pangalan, at piniling pangalan (Juan 10:3).

Kampante ako na kinikilala ng Diyos ang pagmamahalan namin ni Leo.

Paborito kong bersikulo ang Apokalipsis 2:17: "*Ang magtagumpay ay bibigyan ko ng manang natatago, at siya'y bibigyan ko ng isang batong puti, at sa bato ay may nakasulat na isang bagong pangalan, na walang nakakaalam kundi yaong tumatanggap.*"

Ano kaya ang aking bagong pangalan? Ano kaya ang pangalan namin ni Leo sa katapusan ng kalawakan at nakaukit sa puting bato? Hindi ko pa alam. Pero, habang sarado pa ang mundo, papel muna ang sasaksi sa aming pinag-isang dibdib na pagmamahalan. Sa aming pinag-isang dibdib na pangalan.

Papel muna ang kikilala sa amin ni Leo. Habang sarado pa ang mundo, at bawal pa lumabas ang aming mga sikretong pangalan, hayaang sa papel na ito muna kami maging kasal.

– T.L Javier

**POETIKA**

Noong 2013, inilathala ang "Anong Pangalan Mo Sa Gabi? At iba pang tanong sa mga LGBT" nina Tetay Mendoza at Joel Acebuche (bilang mga editor). Maikli lamang ang libro at tinatalakay nito ang ilang mga popular na katanungan ukol sa buhay LGBTQIA+++.

Nagsilbing inspirasyon sa akin ang pamagat ng librong ito: pangalan. Sa mata ng pangkaraniwang mamamayang Pilipino marahil, ang LGBTQIA++ ay nalalagom lang sa dalawa: tomboy (kolokyal na termino para sa lesbiyana) at bakla. Walang trans trans, walang queer queer; lahat yan ay bakla o tomboy lamang.

Makapangyarihan ang pangalan. Bilang writing prompt man o sa reyalidad sa lipunan. Bilang writing prompt, nais ko'ng ihapag ang iba't ibang mga pangalan ko at ng aking karelasyon sa mga bahagi ng aming buhay. Bilang magkasintahan, nom de guerre, at familyal na kataga. Sa partikular, may pagpokus ako sa pinanday na pangalan ko bilang manunulat. Kung paanong hinubog ito na iniisip ang protesta para sa rekognisyon ng estado sa pagmamahalan namin ng aking karelasyon.

Nais ko'ng ipakita na sa mundo ng mga salita, sa mga kamay ng pahina, doon, may espasyo para kilalanin ang aming pagmamahalan. Sa kabilang dako naman, ipinaliwanag ko rin kung paano nakakasakal makulong sa titulo ng trabaho; may deyuminasyon na nangyayari kapag mas nakikita ng mga tao ang kinang ng pagiging 'Dr.' kaysa sa tunay na pangalan.

Ang tema ng sanaysay na ito ay may kagustuhang ipalaganap ang katotohanan na ang bakla ay hindi lamang nakukulong sa kaniyang kasarian, sa kaniyang pangalan sa gabi. Ang bakla ay hindi lamang bakla. Siya ay sumasailalim sa interseksyunal na mga sitwasyon at hindi makatao na siya ay ikulong sa isang facet lamang ng kaniyang pagkatao.

May pagka-meta rin ang sanaysay na ito dahil inisip ko kung gagamitin ko ba ang T.L Javier sa papel na ito kung sakaling matanggap ang sanaysay. Bilang isang nagsisimulang manunulat pa lamang, lagi ako'ng inaabisuhan na wag mag pen name muna. Ito ay nakareserba para sa mga betiranong manunulat na marami nang napatunayan. Gamitin ko raw lagi ang aking tunay na pangalan dahil nasa yugto ako ng aking buhay bilang

manunulat sa pagbuo ng pangalang ito. Pero, mas pipiliin ko'ng malimbag ang sanaysay na ito gamit ang pen name ko.

Sa kapasyahang ito, nasagot ko ang internal na katanungan: ano ang mahalaga sa akin. Mahalaga ang pinakamahal kong tao sa buhay. Ito ay dedikasyon sa aming pagmamahalan, dedikasyon ko ito sa aking paraluman. Ito ay para sa mga pangalan naming mga bakla.

Marami kaming pangalan, marami kaming kapangyarihan, marami kaming pangarap. Marami kaming mga kwento.